

Tingnan ang page na ito sa: [Spanish](#), [Chinese](#), [Korean](#), [Tagalog](#) o [Vietnamese](#).

Patakarang tungkol sa Pagpapahinto ng Residensyal na Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad

Ang sumusunod na patakarang ay nalalapat sa serbisyo sa tubig sa isang residensyal na koneksyon, kabilang ang mga tirahang may iisang pamilya, tirahang may maraming pamilya, mobile na tirahan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga mobile na tirahan sa mga parke para sa mobile na tirahan, o pabahay para sa magsasaka.

Para sa serbisyonang hindi panresidensyal, pakitingnan ang [Panuntunan 11](#).

Nalalapat lang ang patakarang ito sa pagpapahinto ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. Ang mga panuntunang nauugnay sa pagpapahinto ng serbisyo para sa iba pang dahilan ay nakasaad sa seksyon B.2 hanggang B.5 ng [Panuntunan 11](#).

Mga Delingkwenteng Account

Ang mga bill ng customer ng Suburban Water Systems ay nakatakda at maaaring bayaran sa petsa ng presentasyon. Buwan-buwan ibinibigay ang aming mga bill at maituturing na lampas na ang mga ito sa itinakdang petsa (delingkwente) kung hindi ito mababayaran sa loob ng 19 na araw pagkatapos ng petsa ng pagpapadala. Responsibilidad ng bawat customer na bayaran ang bill nang buo at nasa oras. Bibigyan ng Suburban Water Systems ang bawat residensyal na customer ng hindi bababa sa 60 araw mula sa nakaraang due date para makapagbayad nang buo bago pahintuin ang serbisyo. Ang impormasyon tungkol sa kung paano maiiwasan ang pagpapahinto ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ay available sa pamamagitan ng pagtawag sa: 800-203-5430. Ang mga abiso tungkol sa Shut-Off ay ipapadala sa mailing address na nakatalaga sa account. Kung magkaiba ang mailing address at ang address ng property kung saan nagkakaloob ng serbisyo sa tubig, magpapadala ng hiwalay na abiso sa service address at naka-address sa "Nakatira."

Mga Alternatibong Kasunduan o Palugit sa Pagbabayad

Ang sinumang customer na hindi magagawang magbayad para sa serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng alternatibong kasunduan o palugit sa pagbabayad upang maiwasan ang paghinto ng serbisyo. Kabilang sa mga opsyon ang paghahati ng mga pagbabayad (mga kasunduan sa pagbabayad) sa loob ng hanggang anim (6) na buwan upang mabayaran ang buong balanse at pagpapaliban ng mga pagbabayad (mga palugit sa pagbabayad) ng buong balanse sa loob ng hanggang dalawang (2) linggo pagkalipas ng due date. Nag-aalok din ang Suburban Water Systems ng programang Water Invoice and Statement Help ([WISH](#)), na nagbibigay ng mas mababang mga service charge para sa mga taong makakatugon sa mga kinakailangan sa kita.

Ang sinumang customer (o adult na nakatira sa isang residensyal na service address) na may alalahanin tungkol sa katumpakan ng kanilang bill sa tubig ay maaaring humiling sa Suburban Water Systems na suriin ang kanilang bill sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-203-5430. Hindi ipapahinto ang serbisyo sa tubig ng customer na ito dahil sa hindi pagbabayad habang may nakabinbin na imbestigasyon ang Suburban Water Systems, sa mga sumusunod na kundisyon: (a) ang apektadong customer ay nakapagsumite ng petisyon para sa pagsusuri sa loob ng limang (5) araw pagkatapos matanggap ang pinagtatalunang bill; at, (b) ang apektadong customer ay nakagawa na ng mga alternatibong kasunduan sa pagbabayad, kung saan isinasaad nila na hindi nila kayang bayaran ang bill nang buo sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad, bago ang pagpapahinto ng serbisyo.

Bukod pa sa paghiling ng pagsusuri mula sa Suburban Water Systems, maaari ding tutulan o iapela ng mga customer ang kanilang bill sa pamamagitan ng hindi pormal o pormal na proseso ng California Public Utilities Commission (CPUC). Matatagpuan sa likod ng bawat bill ang impormasyon patungkol sa prosesong ito. Hindi ipapahinto ang serbisyo sa tubig ng customer na ito dahil sa hindi pagbabayad habang may

nakabinbin na imbestigasyon ang CPUC, sa kundisyong nasunod ng customer ang mga pamamaraan para sa pagsusuri na nakasaad sa [Panuntunan 10](#) ng mga taripa ng Suburban Water Systems.

Abiso sa Mga Customer at Tenant o Nakatira

Hindi papahintuin ng Suburban Water Systems ang residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng isang delingkwenteng account maliban na lang kung magbibigay muna kami sa customer na ito ng nakasulat na abiso ukol sa paparating na shut-off nang hindi bababa sa pitong araw ng negosyo bago pahintuin ang serbisyo.

Kung ang may-ari, manager, o operator ng tirahan, istruktura, o parke ay nakalista bilang ang customer na nasa record, at ipinagkakaloob ang serbisyo sa tubig sa mga residensyal na naninirahan, gagawa ang Suburban Water Systems ng makatuwiran at may mabuting hangaring pagsusumikap na sabihan ang mga naninirahan, sa pamamagitan ng pagpo-post ng nakasulat na abiso sa property. Ang abiso sa mga naninirahan o tenant na may utang sila sa account ng serbisyo sa tubig at mapuputol na ito ay ibibigay sa loob ng hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago putulin ang serbisyo sa tubig. Dahil sa nakasulat na abiso, masasabihan ang mga tenant/naninirahan na may karapatan silang maging mga customer ng Suburban Water Systems nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang nakatakda sa delingkwenteng account, basta't nakahanda silang akuin ang pinansyal na pananagutan para sa mga kasunod na singil para sa serbisyo sa tubig sa address na iyon.

Pinal na Abiso sa Diskoneksyon at Pagpapahinto ng Serbisyo

Kapag hindi nakasunod sa mga tuntunin ng isang alternatibong plano sa pagbabayad sa loob ng 60 araw o higit pa, o kapag hindi nabayaran ang mga kasalukuyang residensyal na service charge sa loob ng 60 araw o higit pa, maaari itong magresulta sa paghahain ng pinal na abiso ng diskoneksyon. Ang magiging pinal na abiso ng diskoneksyon ay sa anyo ng isang door hanger na ihahatid sa nasasakupang lugar nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago ang pagpapahinto ng serbisyo.

Hindi ipapahinto ng Suburban Water Systems ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa ganap na ma-absorb ang halaga ng anumang depositong ginawa upang mabayaran ang utang. Hindi ipapahinto ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad nito sa anumang petsa na papatak ng Sabado, Linggo, legal na holiday, o anumang oras na hindi bukas sa publiko ang mga tanggapan ng negosyo ng Suburban Water Systems. Sinisikap din ng Suburban Water Systems na iwasan ang pagpapahinto ng serbisyo tuwing Biyernes at isang araw bago ang holiday.

Pagpapanumbalik ng Serbisyo

Sa sandaling mapahinto ang mga serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, nakasaad sa Panuntunan 11 na kinakailangang bayaran nang buo ang delingkwenteng balanse upang maipanumbalik ang serbisyo. Bukod pa rito, maniningil ang Suburban Water Systems ng bayarin para sa muling pagkonekta na nagkakahalaga ng \$35.00 upang maipanumbalik ang serbisyo sa mga regular na oras ng trabaho, o \$70.00 kapag hiniling ng customer na muli itong ikonekta sa oras na hindi sakop ng mga regular na oras ng trabaho. Maaari ding humingi ang Suburban Water Systems ng halaga ng deposito na doble ng average ng nakaraang labindalawang buwanang bill upang muling maitakda ang credit para sa isang customer na napahinto ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad alinsunod sa [Panuntunan Blg. 7](#). Ang mga pagbabayad na ginawa sa pamamagitan ng automated na telephone system, online sa pamamagitan ng internet o sa isang awtorisadong third-party na retailer ay maaaring hindi mai-post sa account ng customer sa loob ng 24-48 oras, kung kaya't dapat i-report ng mga customer ang kanilang pagbabayad upang matiyak na maipapanumbalik ang kanilang serbisyo sa tubig. Maaaring may iba pang opsyong available upang maipanumbalik ang serbisyo sa pagpapasya ng Suburban Water Systems.